

# Mga Tauhang Walang Kasaysayan, mga Naglalahong Lugar at Panahon: Ang Pagsasalin ng Precious Pages ng mga Nobelang Romansang Harlequin

*Characters Without History, Vanishing Times and Places: Precious Pages’  
Translation of Harlequin Romance Novels*

**MAR ANTHONY SIMON DELA CRUZ**

## **ABSTRAK**

Ihaharap sa artikulong ito ang mga resulta ng pag-aaral na sumusuri sa pagsasalin ng Precious Pages ng ilang nobelang Harlequin. Nakatuon ito sa mga estratehiyang ginamit sa pagsasalin ng mga pangalan ng tauhan at lugar at sa paglalarawan ng mga ito. Tatalakayin kung ano ang epekto nito sa pagbuo ng tauhan at lunan—pagbura ng kasaysayan ng tauhan at paglaho ng mahahalagang konteksto—at kung ano ang motibasyon ng Precious Pages sa pagbuburang ito sa mga salin. Nakabatay ang papel na ito sa palagay na ang mga proseso at paraan ng pagsasalin at ang mismong mga produktong salin, ay hinuhulma ng skopos o layunin ng kompanya na kumita upang matugunan ang pangangailangan sa kilig at romansa ng komunidad ng mambabasa ng mga Tagalog pocketbook, at mapanatili ang posisyon nito bilang “The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels.” Lumilitaw sa pag-aaral na walang problema ang mga mambabasa sa paglolokalisa at liberal na pagbubura ng mga elementong dayuhan sa salin ng mga popular na romansa. Tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad na pinagsisilbihan ng Precious Pages ang nabuong polisiya nito sa pagsasalin.

*Mga Susing Salita:* Precious Pages, Precious Hearts Romances, Harlequin, nobelang romansa, Tagalog pocketbooks, pagsasalang popular

## ABSTRACT

This article will present the results of a study that examines Precious Pages' translation of several Harlequin novels. It focuses on the strategies used in translating personal names and names of places and their descriptions. It will discuss its effect on characterization and setting— particularly the erasure of personal histories and important contexts — and what motivates Precious Pages to omit important details in the translation. This paper is based on the assumption that the translation processes and methods and the translation products are shaped by the company's *skopos* or purpose oriented towards profit to meet the Tagalog pocketbook reading community's need for kilig and romance, and to maintain its position as "The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels." The study shows that readers have no problem with the localization and liberal omission of foreign elements in the translation of popular romances. Precious Pages' translation policy addresses the needs of the community that it serves.

*Keywords:* Precious Pages, Precious Hearts Romances, Harlequin, romance novel, Tagalog pocketbooks, popular translation



## INTRODUKSIYON

Ang nobelang romansa ay isang komersiyal na genre, at tila naperpekto na ng Precious Pages Corporation ang paglalathala at paglalako nito. Kung sasangguni sa lingguhang update ng mga bagong labas na titulo (mula 2008 hanggang 2014) sa online na Precious Hearts Romances forum, tinatayang 40 titulo ang inilalabas sa isang buwan o humigit-kumulang 480 titulo sa isang taon, at hindi pa kasama rito ang mga romansang muling inilimbag. Bawat titulo ay may inisyal na limbag na 8,000 kopya (De Vera "Love in the Time of Paperback Romances"), pinakamababa na ang 3,000 kopya, ayon sa punong patnugot ng Precious Pages na si Edith Garcia nang kapanayamin ng mananaliksik. Mabibili ang mga ito sa mga pisikal na bookstore ng Precious Pages, National Bookstore, Pandayan Bookshop, at maging sa mga convenience store at grocery. May online bookstore din ang Precious Pages tampok ang 5,100 na ebook, kaya mas aksesibol na sa mga manggagawang Pilipino sa labas ng bansa.

Sumabak din ang Precious Pages sa pagsasalin, at walang makapapantay rito sa kasalukuyan kung bilang ng produkto sa pagsasalin ang pag-uusapan. Sa email (Oktubre 15, 2018) ni Garcia, sinabi niyang nakapaglathala na sila ng 253 salin ng mga popular na titulo: 183 nobelang Harlequin at 70 iba pang mga akda. Hindi pa kabilang dito ang kompletong salin ng mga nobelang romansa na hindi pa nila inilalabas. Ihambing ito sa 95 nobelang isinalin sa Tagalog mula taong 1905 hanggang taong 2000 (Jurilla 23-25). Ayon kay Matias, matagumpay ang pagsasalin nila ng mga nobelang Harlequin kaya naengganyo ang kompanyang magsalin ng iba pang mga bestseller tulad ng *Harry Potter and the Sorcerer's Stone*, *The Hunger Games*, *Vampire Diaries*, *Twilight*, at *Fifty Shades of Grey* ("Twilight," "Vampire Diaries"), mga klasikong akda tulad ng *The House of the Spirits*, *The Alchemist*, at *Charlotte's Web*, at iba pang mga nobelang romansa nina Barbara Cartland, Danielle Steele, Sydney Sheldon, at Nicholas Sparks.

Ang pamamayagpag ng Precious Pages sa kasalukuyan ay bahagi ng tradisyon ng pagsasalang popular sa bansa na nagsimulang mamukadkad noong unang bahagi ng siglo 20, mula sa pagsasalin ng mga awit at korido at de-seryeng nobela sa mga peryodikal, hanggang sa pagsasalin ng mga nobelang komiks at Tagalog pocketbooks. Sa kabila ng mayamang kasaysayan at kasalukuyang kasiglahan ng pagsasalang popular sa bansa—na mapaghuhugutan ng mga kaalamang makatutulong sa pagsusuri ng wika, panitikan, at kulturang Filipino—nananatiling salat ang mga pag-aaral sa larangang ito.

Sa papel na ito, sisipatin ang mga estratehiyang ginamit sa pagsasalin ng mga nobelang Harlequin, partikular sa lokalisasyon ng mga pangalan ng tauhan at lugar at omisyon ng paglalarawan ng mga ito. Nagtuon ang mananaliksik sa tauhan at lugar dahil dalawa ito sa "culture-specific items" na karaniwang inaangkop sa target na kultura sa pagsasalin ng nobelang romansa. Sa pangangailangang ihulma ang pagsasalin ng mga nobelang Harlequin sa formulang pinagkakakitaan ng Precious

Pages—magaan at madulas na daloy ng wika, simpleng paglalarawan, nakakakilig at kapana-panabik na kuwento, salin na tunog-orihinal at malapit sa danas at kultura ng mga mambabasa—may tendensiyang mabura ang kasaysayan ng mga tauhan at maglaho ang ilang mahalagang konteksto. Ang ganitong mga tendensiya ay bunga ng skopos o layunin ng kompanya na bumenta at kumita upang matugunan ang pangangailangan sa kilig at romansa ng komunidad ng mambabasa ng mga Tagalog pocketbook, at mapanatili ang posisyon nito bilang “The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels.”

Sa 183 salin, 161 titulo ang natukoy ng mananaliksik, at sa listahang ito, 69 ang nakalap na kopya. Mga bersiyong ebook ang sinuri sa pag-aaral. Nilimitahan ang pagsusuri sa 29 na nobelang may markang “Gold Edition” na nagpapahiwatig na isa itong bestseller candidate, ayon kay Salve Canale na isa sa mga nagsalin at nag-edit din ng mga salin. Nakaayon ang ganitong pagmamarka sa layunin ng Precious Pages na ibenta at pagkakitaan ang mga salin. Aminado ang presidente at isa sa mga tagapagtatag ng kompanya na si Segundo Matias, Jr. na tubo ang isa sa mga pinakamahalagang motibasyon sa kanilang inisyatiba sa pagsasalin. Sa isang panayam noong 2014, sinabi niyang, “For me to consider translating a book, it must have sold well and made money. Otherwise, why do it?” (De Vera, “Found in Translation”). Kung gayon, pinili ang mga titulong may tatak na “Gold Edition” dahil higit na matingkad dito ang komersiyal na layunin, na siyang pangunahing batayan ng lapit, mga metodo, at mga estratehiya sa pagsasalin ng mga nobelang romansa.

Nilimitahan pa ang pagsisiyasat sa unang kabanata ng bawat salin (kabilang ang prologue, kung meron) dahil dito karaniwang ipinakikilala ang mga tauhan at detalyadong inilalarawan ang lunan. Maaaring matingkad (o mas matingkad pa nga) ang nangyayaring pagbura ng identidad at kasaysayan ng mga tauhan sa rurok o sa tinatawag na “chapter eight” ni Joi Barrios at sa pagtatapos ng nobela, ngunit sa panimulang pagsisiyasat na ito, nilimitahan ang pag-aaral sa kabanata na unang naghaharap ng mga bida. Isa ito sa mga sangkap ng nobelang romansa (Regis 31-32) na nagbibigay ng palatandaan sa potensiyal na tunggalian sa buhay ng mga bida. Sa unang bahagi rin ng nobelang romansa karaniwang ipinakikita ang status quo sa lipunan na kailangang harapin ng heroine at hero (Regis 31).

Ang unang kabanata o unang sampung pahina rin ang unang ipinasalin ng editorial staff ng Precious Pages sa mga potensiyal na tagasalin, at ito ang basehan kung ibibigay sa tagasalin ang trabaho. Sa bahaging ito ay inaasahang ibubuhos ng tagasalin ang galing niya sa pagsasalin, at ang galing na ito ay dapat na nakaayon sa komersiyal na formula ng nobelang romansa. Bukod sa pabalat at blurb, ang unang kabanata ang selling point nito, kaya naglipana ang mga blog o website na nagbibigay ng mga tip sa pagsulat ng unang kabanata.

## PAGSASALIN NG PANGALAN NG TAO AT LUGAR

Isa sa mga problema ng mga tagasalin ang pagsasalin ng mga pangngalang pantangi na kinabibilangan ng mga pangalan ng tao (o alagang hayop), heograpikong lugar, establesimiyento, organisasyon, at iba pa. Para sa ilang iskolar, hindi kailanman maisasalin ang mga pangngalang pantangi (Sciarone 86). Sa pananaw nila, maituturing na bersiyon at hindi salin ang mga ponolohiko o ortograpikong pagsasaayos ng mga ito (“America” at “Amerika”) o ang paghahanap ng katumbas na mga pangalan sa salin (“London” ng Ingles at “Londres” ng Espanya). May pananaw rin na hindi na kailangang baguhin ang anyo ng mga pangalan sa salin dahil ang mga ito ay mga panandang ikinakabit lang sa mga tao, lugar, o bagay. Para sa kanila, ang kahulugan ng pangalan ay ang mismong tinutukoy nito; walang ano mang konotatibong kahulugan ang mga pangngalang pantangi (Mill 36).

Bagaman tila walang kahulugan bansag o marka ang pangalan, maaaring maglarawan o magbigay ng impormasyon ang pangalan sa tao, lugar, o bagay na tinutukoy nito. Maaaring magbigay ng palatandaan ang personal na pangalan sa kasarian, edad, bansang pinanggalingan, pamilyang kinabibilangan, at uri. Nagbibigay rin ng sosyolingguwistikong palatandaan ang mga pangngalang pantangi sa identidad kaugnay sa lahi, etnisidad, at relihiyon (Tymoczko 235-236). Nagbibigay rin ng palatandaan ang pangalan ng tao kung saang bansa o lugar siya nagmula: tunog-Pranses ang apelyidong “Dubois,” Aleman ang “Müller,” Thai ang “Weerasethakul,” at Hapon ang “Watanabe.”

Sa panitikan, intensiyonal ang pagpapangalan ng mga tauhan sa panitikan (Nord 83). Nariyan ang “Ligaya Paraiso” sa *Sa mga Kuko ng Liwanag* na komentaryo sa marahas na lungsod (kontra sa imahen ng

“ligaya” at “paraiso”). Sa mga Pinoy teleserye at Tagalog pocketbook, mayayaman at makapangyarihan ang mga may apelyidong “Mondragon” at “Ardiente,” samantalang karaniwan at mahihirap (sa simula) ang mga pamilyang “Macaspac” at “Bartolome.” Ganito rin sa totoong buhay. Macho at astig ang karaniwang ikinakabit na imahen sa mga pangalang “Brando” at may sinasabi ang mga pangalang “Nitrogen” o “Alab” sa mga magulang na nagbigay ng mga pangalang ito. Nariyan din ang “Marites” na ginagamit ngayong pantukoy sa mga tsismosa. Madugo at kasuklam-suklam naman ang konotasyon ng pangalang “Digong.”

Sa pangalan naman ng lugar, hindi lang tinutukoy ng mga pangalang “Manila,” “Johannesburg,” “Texas,” at “Athens” ang mga heograpihong lugar na ito. Iba ang kulay at karakter ng “Manila” sa “Texas,” at magkaiba rin ang mga imaheng nabubuo sa isip ng tao kapag naririnig o nababasa ang mga salitang “Johannesburg” at “Athens.” Katulad ng sa mga personal na pangalan, ang kahulugan ng mga pangalang ito ay hinuhulma ng lipunan, kasaysayan, kultura, at heograpiyang kakabit ng mga ito. Kailangang maging pamilyar ang tagasalin sa kultura ng simulaang lengguwahe (SL) at tunguhang lengguwahe (TL) para makalikha ng angkop na salin. Sa kabuuan, may bagahe ang mga pangalan ng tao, lugar, at bagay at madalas na problematiko ang pagsasalin ng mga ito dahil karaniwang espesipiko sa kultura at nakadepende sa mga kultural na paradaym ang mga ito (Tymoczko 223-224).

Inilarawan ni Jan Van Coillie ang ilang posibleng estratehiyang magagamit sa pagsasalin ng mga personal na pangalan at iba pang mga pangngalang pantangi. Kabilang dito ang reproduksiyon o pagpapanatili sa salin ng mga dayuhang pangalan, reproduksiyong may dagdag na impormasyon o paliwanag sa talababa o sa mismong teksto, paggamit ng pangngalang pambalana pamalit sa pangngalang pantangi (“Karen” → “tita”), ponetikong transkripsiyon o morpolohikong adaptasyon (“Marco” → “Marko”), at exonym o pagpapalit ng pangalan gamit ang pangalang katapat sa TL (“John” → “Juan”). Ginagamit ding estratehiya ang paggamit ng pangalang mas kilala sa simulaang kultura para gawing mas pamilyar ang pangalan sa target na kultura nang hindi iniwan ang pagkabanyaga ng konteksto (“Missy Elliott” → “Nicki Minaj”), substitusyon o paggamit ng ibang pangalan mula sa TL (“Becky” → “Sandra”), pagpapanatili o pagbabago ng konotasyon sa TL kung may espesipikong konotasyon ang pangalan, at

omisyon o pagtatanggal ng pangalan sa salin.

Sa pagsasalin ng mga pangalan ng tao, lugar, o bagay, dalawang landas ang maaaring tahakin ng tagasalin: domestikasyon na naglalayong ilapit ang teksto sa mga mambabasa sa pamamagitan ng awtonomong paglikha, o omisyon, at pagsasabanyaga na naglalayong ilapit ang mga mambabasa sa teksto sa pamamagitan ng repetisyon, ortograpikong adaptasyon, o pagpapaliwanag (intratextual/extratextual gloss) ng mga kultural na termino (Aixela 61-65). Ginagamit ang domestikasyon para gawing pamilyar ang teksto sa mga mambabasa. Sa kalakarang ito, katanggap-tanggap ang salin kapag magaan at madulas ang daloy ng wika (madaling basahin at maunawaan). Nagmumukha itong orihinal at hindi salin dahil walang pekuliyaridad sa wika at estilo at umaangkop ito sa kultura at karanasan ng mga mambabasa sa TL (Venuti 1). Ginagamit naman ang pagsasabanyaga para ipreserba ang pagkabanyaga ng teksto. Nagreresulta ito sa depamilyarisasyon kaya tumitingkad ang kaibahan ng kultura ng SL at TL. Ang katapatan sa orihinal ang sukatan ng kahusayan ng salin sa dulong na ito.

Sa kalakhan, itinuturing na kalugod-lugod ang pagsasabanyaga sa pagsasalin dahil pinasisigla nito ang palitan ng kaalamang kultural. Pinapaboran ang pagpapanatili ng mga pangalan at iba pang kultural na termino sa salin dahil kinikilala nito ang kasagraduhan ng orihinal na awtor at orihinal na akda. Tungkol sa pagsasalin ng mga pangalan, sinabi ng tagasalin at kritikong si Robert Adams: “Paris cannot be London or New York, it must be Paris; our hero must be Pierre, not Peter; he must drink an aperitif, not a cocktail; smoke Gauloises, not Kents; and walk down the rue du Bac, not Back Street” (Bassnett 123). Ngunit para sa ilang iskolar, bagaman itinuturing ng ilan na pinakamataas na uri ng pagkilala sa awtor ang hindi pagbabago ng pangalan sa salin, may panganib na makaramdam ng alienasyon ang mambabasa sa TL kaya lalo siyang napapalayo sa teksto (Aixela 61). Maituturing din na isang uri ng aktibismo sa postkolonyal na konteksto (pagsasalin mulang dominanteng kultura tungong marhinalisadong kultura) ang pag-aangkin ng mga pangalan. Pagbangga ito sa itinakdang norm sa pagsasalin ng mga nangingibabaw na kultura na nagdudulot ng “colonization of the self that becomes generalized as the colonization of a people” (Tymoczko 238).

Ihaharap sa susunod na mga bahagi ang mga resulta ng pag-aaral na sumusuri sa

pagsasalin ng Precious Pages ng ilang nobelang Harlequin. Ipakikita na dahil sa pangngibabaw ng domestikasyon bilang dulog sa pagsasalin, maraming detalye ang binago o tinanggal kaya nabubura ang ilang kasaysayan ng mga tauhan at humuhulas ang mahahalagang konteksto na palatandaan sana ng ikinikilos ng mga tauhan—bagay na hindi pinoproblema sa proyektong ang tuon ay sa skopos o layunin ng pagsasalin at sa gamit ng produktong salin.

### **SAMMIE GOLD DOON, SARA ANGELES DITO, AT KUNG BAKIT NAGING LA UNION ANG SICILY**

**I**pakikita sa bahaging ito na ang domestikasyon, sa pamamagitan ng substitusyon at omisyon at pagdaragdag, ang nangingibabaw na dulog sa pagsasalin ng mga sinuring salin sa Filipino ng mga nobelang Harlequin. Nagtuon ang pagsusuri ng pagsasalin na may kinalaman sa tauhan (personal na pangalan, paglalarawan ng panloob at panlabas na anyo ng karakter, motibasyon, iniisip) at lunan (pangalan ng lugar, paglalarawan ng tanawin at tagpuan).

Nakapagtala ang mananaliksik ng 231 salin na may kinalaman sa mga personal na pangalan. Ang sumusunod na mga estratehiya ang ginamit sa pagsasalin: reproduksiyon, paggamit ng pangngalang pambalana kapalit ng pangngalang pantangi (“Jack Harker” → “lolo”), paggamit ng pangngalang pantangi kapalit ng pangngalang pambalana “grandmother” → “Lola Maura”), pagdaragdag ng pangngalang pambalana (“Rocco” → “tito Rocco”), substitusyon o paggamit ng ibang pangalan (“Marcus Heatherton” → “Marcus Herrera”), ponetiko o morpolohikong adaptasyon (“Moirra” → “Mira”), exonym o pagpapalit ng pangalan gamit ang pangalang katapat sa target na kultura o iba pang kultura (“Giuseppe” → “Josefino”), calque o pagsasaling literal o salita-sa-salita (“Jacqueline Hightower” → “Jacqueline Altatore”), at omisyon o pagtanggap ng pangalan sa salin.

Sa sinuring salin ng mga personal na pangalan, 64% ang gumamit ng mga estratehiyang naglalapit ng teksto sa mga mambabasa. Bagaman ang reproduksiyon ang pinakamadalas gawing kasangkapan ng mga tagasalin, ginagamit ang karamihan nito kasabay ang iba pang mga estratehiya, kaya lumalabas na 13% lang ang mga item na pinanatili ang pagkabanyaga. Pinapanatili rin sa halos lahat ng item na ginamitan ng reproduksiyon ang mga pangalang maaaring

lokal at maaring banyaga. Sa kabuuan, 23% ang neutral na salin.

Nakakolekta rin ang mananaliksik ng 132 salin na may kinalaman naman sa pangalan ng mga lugar. Ginamit ng mga tagasalin ang sumusunod na mga estratehiya: reproduksiyon, substitusyon o paggamit ng ibang pangalan (“Boston” → “Bayombong”), paggamit ng pangngalang pambalana kapalit ng pangngalang pantangi (“Greece” → “bansa”), paggamit ng pangngalang pantangi kapalit ng pangngalang pambalana (“inner city streets” → “Roxas Boulevard”), paggamit ng pangalan mula sa simulaang kultura na may parehong gamit o kahulugan (“USA” → “Amerika”), at pagsasalin gamit ang ortograpiya ng Filipino (“Asia” → “Asya”). Katulad sa pagsasalin ng mga personal na mga pangalan, nangingibabaw ang dulog na domestikasyon sa pagsasalin ng mga pangalan ng mga lugar. Sa 137 sinuring salin, 72% ang ginamitan ng domestikasyon, samantalang 18% lang ang ginamitan ng pagsasabanyagang dulog. Tinatayang 10% naman ang neutral na salin.

Para sa ilang nainterbyung mambabasa ng Precious Hearts Romances, walang problema kung babaguhin sa salin (gagawing tunog-Filipino) ang mga pangalan ng mga tauhan o lugar—kung hindi pa nila nababasa ang orihinal sa Ingles. Ayon kay Cheng Parcon Crael, isang online seller na ginang na taga-Negros Occidental na humigit dalawang dekada nang nagbabasa ng Tagalog pocketbooks, “Okay lang siguro kapag hindi ko pa nababasa ang English na original. Kaya no’ng nabasa ko ang translation, okay lang. Walang problema. Pero siguro, ‘pag nabasa ko ‘yong English, parang hindi na, hindi na maganda.” Sa kasong ito, maaaring walang nakikitang problema ang mga mambabasa sa pagbabago ng mga pangalan dahil walang paunang kaalamang nakaiimpluwensiya sa pagbuo nila ng mga idea tungkol sa mga tauhan at lunan. Bilang resulta, mas napadadali at napabibilis ang kanilang pagbabasa dahil walang orihinal na akdang mapaghahanguan ng mga idea na maaaring magdulot ng kalituhan o komplikasyon sa kanilang pagbabasa.

Maoobserbahang talamak ang omisyon o “nontranslation” sa pagsasalin ng popular na nobelang romansa. Sa katunayan, ito ang itinuturing na pangunahing estratehiya sa pagsasalin ng ganitong genre (Capelle 96). Sa estratehiyang ito, tinatanggal hindi lang ang mga salita at pangungusap, kundi mga talata rin, at kung minsan, pinuputol ang malaking bahagi ng isang kabanata. Nangyayari din ang

pagpapaikli ng mga kabanata at pagsasama ng mga ito sa iisang kabanata. May mga kaso pa ngang nagpapasiya ang tagasalin (o sa instruksiyon ng editor) na hindi na isama sa salin ang isang buong kabanata. Karaniwang tinatanggal ang mga pagmumuni-muni o pagbabalik-tanaw ng mga tauhan at paglalarawan ng mga tauhan at lunan—o mga bahaging nakasasagabal sa pag-usad ng kuwento.

Sadyang mas maikli ang mga sinuring salin sa Filipino ng mga nobelang romansa. May istandard na habang 192 pahina ang orihinal na nobelang *Harlequin*, samantalang naglalaro sa 126, 127, at 128 pahina ang salin ng mga ito sa Filipino, o tinatayang mas maikli nang 34%. Ang espesyal na edisyon naman na mga salin ay umaabot sa 144 at 160 pahina (tinatayang mas maikli nang 25% at 17%, ayon sa pagkakasunod-sunod). May inilabas din ang *Precious Pages* na espesyal na edisyon na mga salin na 256 na pahina ang haba, ngunit kung sisipatin ang nilalaman, malalamang mas malalaki ang font at spacing na ginamit kung ihahambing sa regular na edisyon.

Nangyayari din ang pagpapaikli ng mga salin ng mga nobelang *Harlequin* sa iba pang mga wika, tulad ng salin sa Dutch (Capelle 96). Sa Sweden, kailangang paikliin ang salin nang 10% hanggang 15% ng orihinal; sa Swedish na *Harlequin Romantik* at *Harlequin Passion*, istandard ang 160 pahina mula sa 192 pahina ng orihinal (Wirten 116). May haba namang 150 hanggang 160 pahina ang mga *Harlequin* na isinalin sa Pranses at Griyego, bagaman gumagamit ng mas malaking type ang Pranses kompara sa Griyego. Kung bibilangin ang mga salita, may 65,000 salita ang tekstong Ingles, 55,000 salita ang salin sa Griyego, at binubuo naman ng 45,000 salita ang salin sa Pranses (Paizis 5).

Ginagamit din ang pagdaragdag sa pagsasalin ng mga nobelang romansa, bagaman mas bihira ito sa kaysa omisyon dahil na rin sa layuning paikliin ang salin. Depende sa pangangailangan, maaaring magdagdag ang tagasalin ng mga salita o pangungusap. Sa ilang kaso ng pagsasalin ng mga nobelang *Harlequin* sa Filipino, nagdaragdag ang tagasalin ng isa, dalawa, o higit pang talata, na kakatwa gayong limitado lang ang bilang ng mga pahina ng nobelang romansa. Tulad ng omisyon, ginagamit ang pagdaragdag para ibagay ang salin sa umiiral na modelong tanggap na sa target na sistema (Weissbrod 211).

Bagaman ang tagapaglathala at ang editor ang nagtatakda kung gaano kahaba

ang kalalabasang salin, ang tagasalin ang karaniwang nagpapasiya kung ano ang ibabawas at kung ano ang idadagdag dahil siya ang eksperto at ang higit na nakakikilala sa tekstong isasalin. Trabaho niyang tukuyin ang diwa ng teksto para malinaw sa kaniya kung ano ang paikliin at ano ang pahahabain. Maláy sa mga pangangailangan at inaasahan ng target na mambabasa ng nobelang romansang Filipino, isinasagawa ng tagasalin at editor ang dagdag-bawas sa paraang nagiging mas simple at kapana-panabik basahin ang salin—na maaaring magresulta sa malaking tubo ng tagapaglathala (Weissbord 211). Kung gayon, may komersiyal na batayan ang mga nasa likod ng pagsasalin sa pagkatay at muling pagbuo ng teksto.

### **MGA TAUHANG BURADO, MGA TAUHANG WALANG KASAYSAYAN?**

I tinuon din ang pagsusuri sa pagsasalin ng paglalarawan ng pisikal na anyo ng mga pangunahing tauhan at ilang detalyeng may kinalaman sa kanilang nakaraan at iba pang mga aspekto ng kanilang pagkatao. Kilala ang mga nobelang *Harlequin* sa detalyadong paglalarawan ng pisikal na anyo ng heroine at hero. Mala-diyosa ang ganda ng heroine. Kung ordinaryo, meron siyang katangiang kinahuhumalingan ng bidang lalaki. Hindi gaanong katangkaran, maganda ang hubog ng katawan, may labing gustong sibasibin ng mga lalaki. Mala-Adonis naman sa kaguwapuhan ang lalaking Italyano, Griyego, Ingles, Amerikano, Brasilenyo, o Australyano. Matangkad, malapad ang balikat, pamatay ang panga, at mapang-akit ang mga matang abuhin/berde/bughaw. Taglay niya ang mga pisikal na katangiang pinapantasya at gustong ibigin ng bidang babae at ng mga mambabasa.

Sa sinuring mga salin, lumalabas na tinatanggal o nineutralisa ang mga detalyeng nagtatampok sa pagiging dayuhan ng mga tauhan, partikular ang kulay ng mata at buhok. Ang natural na kulay ng mata at buhok ang isa sa mga palatandaan ng etnisidad ng tao, at hindi karaniwan sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng natural na bughaw, berde, o abuhing mata, o ang likas na pagiging blonde, redhead, o brunette. Isa sa mga konsiderasyon sa pagsasalin ng mga nobelang *Harlequin* ang paglalapit ng salin sa kultura at karanasan ng target na mambabasa. Sa ginamit na gabay sa pagsasalin, sinasabing “Physical features may be retained if the characters would pass off as

mestizas or just change the color of the eyes to dark brown same with the color of the hair” (email ni Garcia, Oktubre 11, 2018). Gamit ito, napalalabnaw ang etnisidad o nasyonalidad ng mga tauhan, at mas nailalapit ang mga ito sa mga mambabasang Pilipino. Dahil dito, hindi na isinama sa salin ang “cornflower-blue eyes,” “green eyes,” “lavender eyes,” “pale golden hair,” “red hair,” at “brunette woman.” Tinumbasan naman ng “mapupungay na mata” ang “blue-eyed,” “mga matang iyon” ang “those piercing blue eyes,” “hair” ang “dark blond hair,” at “nakatali ang buhok” ang “blonde ponytail.”

Kinaailangan ding pagpasiyahan ng mga tagasalin kung paano isasalin ang iba pang mga palatandaan ng etnisidad o nasyonalidad ng mga tauhan alinsunod sa layuning bigyan ng impresyon ang target na mambabasa na orihinal at hindi salin ang kanilang binabasa. Hindi na isinama sa salin, halimbawa, ang “hot Italian breeding,” “Brazilian polo-playing stud,” “Cherokee heritage,” at “Portuguese blood,” samantalang tinapatan ng “kayumangging kulay” ang “dark Latin looks,” ng “bilyonaryo” ang “Greek billionaire,” at pangkalahatang “modelo” ang “Swedish model.” Sa pamamagitan ng heneralisasyon at pagtanggap ng mga palatandaan ng etnisidad o nasyonalidad, nawawala ang dayuhang kulay sa salin kaya iisipin ng mambabasa na bahagi ng kaniyang kultura ang mga tauhan, lunan, at kuwentong nakapaloob sa binabasa.

May tendensiya rin ang mga tagasalin na tapyasin ang mga detalyeng may kaugnayan sa personal na kasaysayan ng mga pangunahing tauhan. Sa isang pagsusuri ng salin sa Pranses ng mga detective novel noong ika-20 siglo, sinasabing “characters have no past” dahil sa reduksiyonistang dulog sa pagsasalin (Robyns 30). Maoobserbahang ganito rin ang nangyayari sa ilang salin sa Filipino ng mga nobelang Harlequin. Kung may pagbanggit man sa kanilang nakaraan, pahapyaw lang ito at agad na nagtutuon na sa pagpapatakbo ng aksiyon. Tingnan ang sumusunod na sipi mula sa *The Sicilian’s Bride* ni Carol Grace:

*“It is hard, even for us. But we have experience. Historically, it’s our land. Has been for centuries. For hundreds of years most Sicilian wine was shipped off the island, to be blended into other wines. But now we’re getting the attention from the world markets we deserve. Twenty-six generations of Montessoris grew grapes there before we were forced to sell it to your uncle a few years ago.”*

“Forced?”

*“It’s a long story and it doesn’t concern you. We had a sales slump, followed by financial problems which induced us to give it up, but we’ve recovered and now we want the land back where it belongs. To us. What difference does it make to you? You’ve never seen it, you’ve never lived on it or farmed it. You didn’t have picnics there, eat the grapes off the vines or swim in the pond. It means nothing to you” (12).*

Mula sa Amerika, lumipad si Isabel sa Sicily, Italya, para manirahan sa bahay at lupang ipinamana sa kaniya ng namatay niyang tiyo na hindi niya nakilala. Plano rin niyang pamahalaan ang malawak na vineyard. Binili ito ng kaniyang tiyo mula sa pamilya ni Dario, pero napabayaang ito ng kaniyang tiyo. Ngayon, gustong bilhin ni Dario kay Isabel ang lupang orihinal na pag-aari ng kaniyang ninuno. Pero ayaw itong ipagbili ni Isabel dahil ito na lang ang pag-aaring mayroon siya, at ito ang magiging kasangkapan niya sa kaniyang pagbabagong-buhay. Ang sumusunod ang salin ni Belle Ofalda ng sipi sa itaas. (Walang marka ng pahina ang bersiyong ebook ng mga salin sa Filipino na mababasa gamit lamang ang Precious Pages iReader na may continuous vertical scrolling view.)

“Mahirap talaga iyon, kahit para sa amin. Pero eksperto kami riyan. May experience na. Nandito na kami noon pa man. Napilitan lang kami na ibenta ang lupa sa uncle mo.”

“Napilitan?”

“Mahabang kuwento. Humina nang husto ang benta at nagkaroon kami ng financial problem noong mga panahong iyon. Pero ngayon ay gusto na naming maibalik iyon sa amin. Hindi naman magiging masama iyon para sa `yo dahil hindi mo pa naman nakikita `yon. Hindi ka pa naman nakakatira doon. Hindi ka pa nakakapag-swimming sa ilog. It means nothing to you.”

Nawala sa salin ang kasaysayan ng lupain at ng pamilya ng bidang lalaki. Hindi sapat na pantugma ang “nandito na kami noon pa man” sa “Historically, it’s our land. Has been for centuries.” Sa orihinal, ipinahihiwatig ni Dario na kabilang ang kaniyang mga ninuno sa

mga sinaunang Sicilian na nagluwas ng wine. Tinanggal sa salin ang impormasyon na 26 na henerasyon na ng mga Montessori (Montilla sa salin) ang nagtatanim ng ubas at gumagawa ng alak sa lupang iyon nang bilhin ito ng tiyuhin ng bidang babae. Kung tatantiyahin, pag-aari na ng pamilya nina Dario ang lupain noon pa mang kalagitnaan ng ika-13 siglo. Sa orihinal, naipahiwatig ng awtor ang ugnayan ni Dario sa kaniyang tinubuang lupa nang sabihin niya kay Isabel na hindi pa ito nasasaka ng babae, na hindi pa nakakapag-picnic at nakakapitas at nakakain ng ubas dito si Isabel, o nakakalangoy sa maliit na lawas ng tubigan (ilog sa salin). Malalim at matibay ang ugat ni Dario sa lupa at ubasang pag-aari na ngayon ni Isabel, at hindi ito ganap na naitampok sa salin.

Karaniwan din sa mga sinuring salin ang pagtanggap ng mga detalyeng nagbibigay ng dagdag na lawak at lalim sa karakter. Sa *Bedding the Secret Heiress* ni Emilie Rose, ipinatawag ang bidang babae sa opisina ng lalaking kapatid niya sa ama. Piloto ang babae at ang lalaki ang namamahala sa kanilang aviation company. Sa salin, hindi tahasang binanggit na inistorbo ni Trent ang masayang pagmomotor ni Lauren. Sa gusali, nang paakyat na si Lauren:

The elevator stopped on the third floor and two suit-clad women boarded. Security badges labeled them HAMC employees. Their cool gazes raked Lauren's clothing, making her wish she'd taken time to don her pilot's uniform, but she could hardly ride her Harley in a skirt. And if these two had received a memo from her half brother ordering them to make her work life a living hell, they'd discover she didn't care (11).

Isinalin ni Jade Alleje ang bahaging ito sa isang pangungusap: “Masama ang tingin ng mga ito kay Lauren, parang nanlalait.” Tinanggal sa salin ang reperensiya sa hilig sa pagmomotor ng bidang babae, bagay na hindi karaniwang libangan ng mga babae. Isa pa, Harley, at hindi lang kung ano-anong motor ang pinaandar niya. Hindi rin naipakita sa salin ang nararamdaman niya noong sandaling iyon at ang saloobin niya sa kung ano man ang iniisip ng kasamang mga babae sa elevator. Malay si Lauren na mapanlait ang tingin ng mga ito sa kaniyang kasuotan, pero wala siyang pakialam dito.

Ilan lang ito sa mga halimbawa na nagpapakita kung paano naaapektuhan ng omisyon o pagbabago ng mga detalye ang

presentasyon ng mga tauhan sa mga salin ng mga nobelang Harlequin. Dahil sa paggamit ng estratehiyang ito, nababawasan ng layer ang mga tauhan at halos maglaho ang kanilang indibidwalidad. Dahil tinatanggal ng mga tagasalin ang mga bagay na nagpapatangi sa mga tauhan, halos wala nang pinagkaiba sa isa't isa ang mga tauhan sa mga salin. Lumalabon rin ang ugnayan ng mga pangunahing tauhan sa mga taong nakapaligid sa kanila dahil malawakan din ang omisyon ng mga huli. Sa pangkalahatan, tila lumulutang sa kawalan ang nalilikhang mga tauhan sa mga salin ng mga nobelang Harlequin dahil sa pagbubura ng kanilang nakaraan.

## MGA Naglalahong Lugar at Panahon

Sa mga akdang popular, mapapansing mas interesado ang awtor kaysa sa tagasalin sa paglikha ng tiyak na lunan (Robyns 30). Sa orihinal, karaniwang inilalarawan nang detalyado kung saan nangyari o nangyayari ang aksiyon. Tinutukoy rin ang mga lugar na may malaking bahagi sa nakaraan ng mga tauhan—lugar ng kapanganakan at kabataan o lugar na may mahalagang papel sa paghubog ng kaniyang pagkatao. Kahit ang mga lugar na dinaanan o pinasyalan, na nagbibigay ng palatandaan sa buhay ng tauhan, pinangangalanan ng orihinal na awtor. Sa sinuring mga salin sa Filipino ng mga nobelang Harlequin, may tendensiyang tanggalin sa salin ang mga lugar na hindi pinangyayarihan ng kasalukuyang aksiyon. Karaniwan namang ginagawang lokal o di-tiyak ang mga lugar o espasyong kasalukuyang ginagalawan ng mga tauhan.

Ilan sa mga tinanggal na pangalan ng lugar na pinangyayarihan (o malapit sa pinangyayarihan) ng aksiyon ang “California,” “Texas,” “Melbourne,” “Central London,” “George Street,” “Bennelong Point,” “Athens,” “Cyclades,” at “St. Thomas”. Sa *Dating the Rebel Tycoon* ni Ally Blake, tinanggal hindi lang ang “Brisbane” kundi ang kondisyon ng panahon habang nangyayari ang aksiyon sa nobela. Binura sa salin ang “The small window between himself and the Brisbane winter sunshine outside revealed the coast was clear, and he let his forehead rest on the cold glass with a sheepish *thunk*.” Dahil sa pagtatanggal ng “Brisbane winter sunshine” at hindi paggamit ng lokal na katumbas nito (alinsunod sa layuning burahin ang pagkabanyaga ng teksto sa salin), walang napanghahawakang



espesipikong imahen ang mambabasa tungkol sa kapaligirang kinikilusan ng tauhan.

Sa sinuring kabanata ng *A Convenient Bridegroom* ni Helen Bianchin, tinanggal ang mga marka ng kinaroroonan ng bidang babae at ang paglalarawan ng nakikikita niyang tanawin. Binalewala rin ng tagasalin maging ang oras at panahon. Tingnan ang sumusunod na orihinal na sipi na tinanggal nang buo ni Armine Rhea Mendoza sa kaniyang salin:

*The New South Head Road wound down towards Rose Bay, and Aysha took a moment to admire the view. At six-thirty on a fine late summer's evening the ocean resembled a sapphire jewel, merging with a sky clear of cloud or pollution. Prime real estate overlooked numerous coves and bays where various sailing craft lay anchored. Tall city buildings rose in differing architectural design, structured towers of glass and steel, providing a splendid backdrop to the Opera House and the wide span of the Harbour Bridge. Traffic became more dense as she drew close to the city, and there were the inevitable delays at computer-controlled intersections. Consequently it was almost seven when she drew into the curved entrance of the hotel and consigned her car to valet parking (6).*

Sa bahaging ito ng nobela, nagmamaneho ang bidang babae para katagpuin ang kaniyang fiancé at mag-dinner sa mamahaling restawran sa isang hotel. Nagkakaroon dito ng idea ang mga mambabasa ng ST sa mga nakikita ni Aysha sa kalangitan, sa look, at sa skyline ng Sydney, kabilang na ang popular na Opera House at Harbour Bridge. Natatantiya rin nila kung gaano kabigat ang trapiko—30 minuto mula nang magsimulang sumikip ang daloy ng trapiko hanggang sa marating niya ang hotel. Sa salin, walang idea ang mga mambabasa sa partikular na lagay ng panahon, tanawin, at oras dahil sa kapasiyahang tapyasin ang mga paglalarawang ito.

Sa interbensiyon na pagtatanggal ng mga pangalan ng mga lugar at mga detalyeng may kaugnayan dito, napipigilan din ang paglitaw ng nakaraan o iba pang mga aspekto ng buhay ng mga tauhan. Sa *A Convenient Bridegroom*, tinanggal ang “northern Italian town” na pinagmulan ng migranteng ama ng bidang lalaki at ama ng bidang babae. Noong kabataan nila, nagpunta sila sa Sydney (Alabang sa salin) at nagbanat ng buto araw-araw sa isang linggo. Nang makaipon, nagtayo sila ng negosyo sa semento. Tinanggal sa salin ang

mahalagang detalye tungkol sa nakaraan ng mga ama ng mga bida: “Benipayo-Saldeguer, naisaloob ni Aysha habang nakikisalamuha sa traffic sa downtown Alabang. Mula pagkabata ay magkaibigan na ang kaniyang amang si Josefino at si Luis Saldeguer. Noong mid-twenties ng mga ito, nag-set up ang dalawa ng isang cement business.”

Maraming tauhan sa mga nobelang Harlequin ang patuloy na umaalis at dumarating sa kuwento, patuloy na naglalakbay at nag-iiwan ng bakas saan man sila magpunta. Sa pagkawala ng mga elemento ng paglalakbay sa salin, hindi naipakikita ang pakikipagsapalaran, paghahanap, at tangkang pagtakas ng mga tauhan. Hindi lang sila nawawalan ng kasaysayan, kundi napipigilan ding kumilos dahil sa kumikipot na mundo. Madalas na tampok sa mga nobelang Harlequin ang mga tauhang naglalakbay o naninirahan sa iba’t ibang bansa, na isa sa panghalina nito dahil nagtatampok ng mga elementong dayuhan o eksotiko (Goris 63). Dahil sa reduksiyonistang dulog sa pagsasalin, nagiging pangkalahatan ang mga elemento kaya maaaring mabawasan ang halina sa mga mambabasa.

Dahil sa layuning mapaikli ang salin para lumapat ito sa istandard na format ng Precious Pages, tinapyas na rin ng mga tagasalin ang mga paglalarawan ng mga lugar o espasyo. Madalas, ginagamit ang mga ito sa orihinal na teksto para magbigay ng pasilip sa sikolohikong lagay ng mga tauhan. Sa *Baby Bonanza* ni Maureen Child, tinanggal ang “...she had no window at all and it felt as though she’d been sealed up in the bowels of the ship. She was forced to keep a light on at all times, because otherwise, the dark was so complete, it was like being inside a vacuum. No sensory input at all” (11). Paglalarawan ito ng masikip, maingay, at pinakamurang kuwento na tinutuluyan ni Jenna sa sinamahang cruise ship. Maaaring paglalarawan din ito ng sikolohikong kondisyon ng heroine na nasa cruise siya para gulatin at kumprontahin si Nick, ang may-ari nito. Ilang sandali na lang, ipaalam na ng bidang babae na si Nick ang ama ng kaniyang kambal.

Sa *The Cattleman’s Special Delivery* ni Barbara Hannay, sinaklolohan ng bidang lalaki ang buntis na bidang babae nang maaksidente ang huli sa daan. Habang naghihintay ng mga tutulong, dinala ng lalaki ang buntis sa kaniyang bahay (“homestead” sa orihinal). Walang idea ang mga mambabasa sa salin ni Karen Dee kung ano ang hitsura ng tirahang ito dahil tinanggal sa salin ang ilang detalyeng naglalarawan dito:

*With a strong arm around Jess, he steered her up a short flight of steps, and across the wooden veranda boards, not to the main front doorway, but to white-framed French doors. The rain hammered on the tin roof as Reece opened the doors and flicked on a light to reveal a large bed with an old-fashioned, blue chenille spread (9).*

Sa halip, ginamit ang “Dinala na siya ni Ronnie sa kuwarte,” kaya nawala ang natatanging karakter ng isang bahay na binabayo ng ulan sa maliit na bayan (“lonely outback” sa orihinal). Tulad ng inaasahan sa pagsasalin ng akdang popular, partikular ang nobelang romansa, tinanggal ang mga paglalarawang nakasasagabal sa pagpapatakbo ng kuwento. Kaya hindi kataka-takang isinalin ang idineretso na agad ng tagasalin ang mga tauhan sa kuwarte at hindi na pinansin ang hagdang may maliliit na hakbang, veranda na may kahoy na sahig, at French door na nakukuwadrahan ng puti. Hindi na rin nailarawan ang malaking kamang may makaluma at bughaw na chenille na kubrekama.

## ANG PAGSASALING POPULAR AT ANG DIKTA NG KOMERSIYO

Ang pagsasalin ng mga nobelang Harlequin sa Filipino ay nakabatay sa skopos ng pagsasalin at sa gamit ng produktong salin. Layunin ng Precious Pages na makalikha ng produktong salin na taglay ang tatak ng imprint nitong Precious Hearts Romances. Kailangan nitong tugunan ang pangangailangan sa kilig at romansa ng mga kokonsumo ng salin. Kapag natugunan ang pangangailangang ito, halos sigurado na ang malaking kita ng kompanya. Para mangyari ito, kailangang isaalang-alang sa pagsasalin ang pagpapabilis ng usad ng kuwento at ang pagiging tunog-orihinal ng salin, na matatamo sa pamamagitan ng substitusyon, neutralisasyon, omisyon, at iba pang mga prosidur sa pagsasalin na ginagamit para mapabilis ang pagbasa at mapadali ang pag-unawa sa tekstong salin.

Isa sa mga tahasang preskripsiyon ng Precious Pages ang gawing tunog-orihinal ang salin ng mga nobelang Harlequin sa pamamagitan ng paglolokalisa ng pangalan ng mga tauhan at mga lugar, gayon din ang pag-neutralisa ng mga katangiang pandayuhan. Sa panayam ng mananaliksik kay Garcia, ipinaliwanag niyang ito ang sukatan ng isang mahusay na salin ng nobelang romansa.

Para sa kaniya, tagumpay ang isang salin kapag nagustuhan ito ng mambabasa nang nakakalimutan o hindi nalalaman na hindi ito orihinal na akda at isa pala itong salin, “Para sa amin kasi, ang translation is, ‘pag binasa siya ng isang Pilipino dapat parang, iisipin niya na ‘a, isinulat ‘to para sa akin,’ na hindi niya mahahalatang translation...So, dapat hindi halata.” Upang magtunog-orihinal, kailangang iangkop sa kultura ng mambabasa ang mga elementong tunog-dayuhan.

Sa paggamit naman ng estratehiyang omisyon sa pagsasalin ng mga nobelang Harlequin, nangingibabaw ang tuon sa aksiyon kaysa sa paglikha ng mga tauhang may indibidwalidad at kasaysayan. Sa pagtutok sa aksiyon at pagsasantabi sa detalyadong paglalarawan, nagkakaroon ng mga kapanapanabik na tagpo na patok sa mga mambabasa. Sa katunayan, ang paglikha ng “kuwentong purong aksiyon” (Robyns 31) ang isa sa mga katangian ng salin ng akdang popular. Pinausad ng aksiyon ang kuwento kaya tuloy-tuloy ang kanilang pagbasa, samantalang hinahadlangan ng mga paglalarawan ang pag-usad na ito, na karaniwang nagreresulta sa pagkabagot at kawalan ng interes. Ayon kay Lyra (humiling na huwag gamitin ang apelyido), HR specialist mulang Cebu, “Mas gusto talaga namin na pinapaisip kami. Na, uy, ano kaya ang susunod niyang gagawin? So, parang nae-excite ka to read it further para masagot ang mga tanong mo kung bakit ganito ang ginawa o gagawin niya.” Kung gayon, tagumpay ang pagsasalin ng mga nobelang romansa kung isasaalang-alang ng tagasalin ang pangangailangang ito—kailangan niyang tapyasan ang mahahabang paglalarawan.

Ang walang habas na omisyon ay nagluwal ng mga produktong salin na mas simple at mas maikli, kaya mas madaling maintindihan at maaaring basahin nang isang upuan. Sa pakikipagkuwentuhan ng mananaliksik sa ilang mambabasa ng PHR, lumalabas na hindi nila gaanong problema ang hindi madetalyeng paglalarawan ng mga tauhan o tagpo. Ayon kay Crael, “Okay lang kahit hindi na masyadong detailed na mga ganyan-ganyan. Okay na ‘yong ano, ‘pag sinabing guwapo, guwapo na. ‘Pag sinabing maganda, macho, okay na. Pero minsan, parang masyado na ‘yong matangos ang ilong, ganito ‘yong mata, panga... Meron kasing ano ngayon na parang masyadong detalyado kung anong itsura no’ng lalaki or no’ng babae.”

Ayon naman kay Lyra, tungkol sa mahahabang paglalarawan: “Minsan

nababanas ako, parang to the point na tinatamad akong tapusin...It could only take me three hours to finish the maninipis na pocketbook. Yung mga makakapal, it could only take me two days or one day kung nonstop, kung gusto ko talaga ‘yong kuwento. Pero kung ganiyan na parang masyadong descriptive siya, tinatamad, ako to the point na natatapos ko siya 3 days, 4 days...” Dahil sa tendensiyang mabagot ang mga mambabasa sa mahahaba at detalyadong eksposisyon, makatutulong nga kung isasantabi ng tagasalin ang mga bahaging namumutiktik sa pang-uri at magtutuon sa kung paano mapabilis ang daloy ng kuwento. Limitado ang espasyo kaya kailangang mahuli agad at mapanatili ng tagasalin ang interes ng mga mambabasa.

Higit na gumagana ang imahinasyon ng mambabasa kapag hindi sila pinauulanan ng mga salita. Ayon kay Shirley Anna Saballe, sekretarya sa isang real estate company, may mga mambabasang ayaw nang sinusubuan ng labis na mga paglalarawan, “Ang gusto nila, mag-imagine ng character. Basta bigyan mo lang sila ng simple ano (paglalarawan). Ganon din kasi akong reader, e. Bigyan mo lang ako ng description, ako ang gagawa ng sarili kong hero sa utak ko...‘Yong mga tipong napakaliit na detalye, dinescribe. Kumbaga, masyado nang too much information. Paano mo pa made-describe (sa sarili) ang character mo? Binigay na sa’yo lahat. Kumbaga, ayaw mo naman siyang ma-spoonfeed. Hayaan mo (siyang mag-isip).” Ipinahihiwatig sa pahayag na ito ang pagpapahalaga ng mga mambabasa sa kanilang kakayahang bumuo ng sariling idea ng mga tauhang batay lang sa mga simpleng paglalarawan.

Para sa ilang mambabasa, hindi alalahanin ang pagtatanggal ng mga detalye, basta hindi nila nababasa ang orihinal na akda sa Ingles. Ayon naman kay Thematrice Alfonso, mambabasang may puwesto ng prutasan sa palengke sa Mindoro, “Pag nabasa ko ‘yong original niya (Harlequin), manghihinayang ako kung bakit tinanggal.” Walang problema ang mga mambabasa sa ginawang omisyon dahil wala silang idea sa nilalaman ng orihinal, katulad ni Crael na hindi inaalala ang pagtutunog-Filipino ng mga pangalan ng mga tauhan at lugar sa salin dahil hindi naman nababasa ang orihinal.

Sa layuning pagtunuging orihinal ang salin at pagtuunan ng pansin ang aksiyon, nasasakripisyo ang maraming elemento ng akda, kabilang na ang karakterisasyon at pagbuo ng lunan. Tiyak na pupunahin ito ng

mga kritiko na nagsasabing problematiko ang dulog sa pagsasalin na nagsisikap na iangkop ang pagsasalin sa karanasan at kagustuhan ng target na mambabasa sa halip na maging matapat sa orihinal na materyal. Para sa kanila, pangunahing isinasalang-alang sa ganitong paraan ng pagsasalin ang komersiyal na katangian nito at hindi ang pampanitikang katangian nito. Sa ganitong pananaw, nababansot ang wika at panitikan ng tumatanggap na kultura sa pagsasalin na lumalayo sa orihinal na teksto. Nangyayari ito dahil walang pumapasok na banyagang wika, kaisipan, o kultura na maaari sanang makapagpayaman sa tumatanggap na kultura.

## PAGLALAGOM

Ipinakikita ng pag-aaral na ito na ang tagumpay ng pagsasalin ng mga akdang popular ay tagumpay ng komersiyo. Sa pagpapanatili ng formulang Precious Pages (pagpapasimple para mas madaling maunawaan ang salin, pagpapaigsi para mas mabilis itong basahin, pagtuon sa aksiyon sa halip na sa paglalarawan para maging mas kapana-panabik ang mga tagpo) naengganyo ang komunidad ng mga mambabasa ng Tagalog pocketbooks na bilhin ang mga produktong salin. Ayon kay Matias, dahil bumenta sa kanilang mga mambabasa ang mga isina-Filipinong nobelang Harlequin, napagpasiyahan nilang isalin din ang iba pang mga bestseller.

Kaakibat ng komersiyal na kasiglahang ito sa pagsasalin ang pagbubura ng mga lugar, panahon, at kasaysayan. Lumilitaw sa pag-aaral na hindi alalahanin para sa mga mambabasa ng salin ng mga nobelang Harlequin ang paglabnaw ng identidad ng mga tauhan at ang paglaho ng mga konteksto. Walang problema sa kanila ang paggamit ng mga estratehiya ng domestikasyon dahil tinatangka nitong tanggalin ang mga sagabal sa mabilis at madaling pag-unawa sa binasa. Ipinakikita nito na ang halaga o kalidad ng salin ng popular na akda ay hindi nakasalalay sa katapatan nito sa orihinal na materyal, kundi sa pagtugon nito sa layunin ng pagsasalin at sa pagiging sapat nito sa mga gagamit ng salin.

Salungat sa mga resulta ng ilang pag-aaral ang pagtanggap ng mga mambabasa sa mga “pagbubura” sa salin ng mga nobelang

Harlequin. Ayon sa ilang iskolar, tinatangkilik ng mga target na lokal na mambabasa sa iba't ibang bansa, partikular sa Asya, ang mga salin ng mga nobelang Harlequin dahil nagpapakita ang mga ito ng “foreign character,” “exoticism,” at “American values”(Goris 62)—na nabubura sa mga salin dahil sa pagpapaikli o pagtanggali ng mga paglalarawan ng mga tauhan o lugar, diyalogo, at introspeksiyon. Maikakatwirang ang pagbuburang ito ang isa sa mga dahilan kung bakit naging mabali sa mga mambabasang Pilipino ang mga produktong salin. Sa pamumuhunan sa pagbubura, sa pagsasalin na nagkukubli sa tagasalin at nagtatangkang pagtunuging orihinal ang salin, napatingkad ng kompanya ang kanilang tatak-Precious at napangibabawan ang mga katangiang Harlequin.

Ideolohikal ang pagbuburang nangyari sa pagsasalin ng mga nobelang Harlequin. Sa kontekstong postkolonyal, tugon ng dating kolonya ang domestikasyon ng pagsasalin laban sa dominasyon ng higit na makapangyarihang kultura. Karaniwang ang dominanteng kultura ang nagtatakda ng mga norm at sa pagsasalin, sa pamamagitan ng pagbubura ng mga pangalan ng mga kolonisadong tao at lugar. Sa pagbuburang ito, nawawala ang kanilang kasaysayan at ang kanilang identidad bilang tao at kultura—malinaw na uri ng kolonisasyon ang imperyalistang pagsasalin na ito ng mga pangalan (Tymoczko 238-239). Sa kabilang banda, sa pagsasalin ng Precious Pages ng mga nobelang Harlequin, inaangkop ang mga pangalan sa kultura ng mga Pilipinong mambabasa kaya natutunaw ang pagkabanyaga ng mga ito na maaaring magpahina sa kapangyarihang makapangibabaw ng Kanluraning kultura: “Advocacy of non-fluent, refractory, exoticizing strategies, for example, can be seen as a bold act of cultural revolt and epistemological generosity in a major language, but for a minority language, fluent strategies may represent the progressive key to their very survival” (Cronin 147).

Tagumpay rin ng pagsasaling popular ang domestikasyon ng global tungong lokal, ngunit nakabatay pa rin ito sa komersiyo. Halimbawa, sa pagsasalin ng mga pangalan ng mga tauhan, ginamit ang mga pangalang Luis Saldeguer, Steven Castillo, Sierra Madrigal, Amber Rosales, at iba pa na masasabing tunog-popular dahil tila hinango sa telenobela. Mabenta rin sa mga mambabasa ang mga tauhang mala-artista ang hitsura, tulad ng mga mestiso't mestisang bumibida sa mga pelikula at telebisyon. Sa paglolokalisa ng mga pisikal na katangian,

kailangang nakahulma ang mga bida sa mga pamantayan ng kagandahang inilalako sa mga billboard. Ayon kay Jerome Bulos, isa sa mga punong ilustrador noon ng Precious Pages, “kailangang guwapo at maganda ang nasa cover...matangos ang ilong.” Hindi maaaring gawing karaniwang Pilipino ang mga bida. “Jerome, bakit gano’n ‘yong lalaki. Mukha siyang magtataho,” minsang puna sa kaniya ni Matias. Ang tagapaglathala ang karaniwang nasusunod dahil napag-aralan na niya ang mga hinahanap ng masang mambabasa ng nobelang romansa.

Sa pagsasaling popular, karaniwang nakaangkla ang kalidad at tagumpay ng pagsasalin sa komersiyal na halaga nito. Nangyayari ito sa tinatawag na “factory translation” (Milton 57) na inilalarawan ng mass production, estandardisasyon, mabilis na dedlayn, pagbalewala sa kasagraduhan ng awtor at pagtuon sa target na teksto, paggamit ng mga komersiyal na estratehiya sa pagpapakete, marketing, at distribusyon, at pagtatakda ng skopos na magtitiyak na papatok sa target na mga mambabasa ang kanilang mga produkto. Iitinuturing na hindi etikal ang praktika ng mga negosyante na gawing kasangkapan ang ano mang mga layuning makapagbibigay sa kanila ng malaking kita. Maaaring maisulong nito ang popularisasyon ng pagsasalin, ngunit maaaring ding malimitahan nito ang mga manggagawang tagasalin na masunod ang mga pamantayan ng mahusay na saling popular.

Bahagi ng komersiyal na estratehiya ng Precious Pages ang pagsugal sa mga baguhang tagasalin na walang pormal na edukasyon o intensibong pagsasanay sa pagsasalin. Ilan sa mga tagasalin na nakapanayam ng mananaliksik ang sumailalim lamang sa isang pagsasanay kung saan tinalakay rin ang mga gabay sa pagsasalin. Sa sinuring mga salin, hindi malinaw ang batayan nila kung anong detalye ang tatanggalin o babaguhin at kung ano ang pananatilihin. Bukod dito, kapansin-pansin din ang mga typographical error, maling baybay ng mga salita, labis na paggamit ng mga pangungusap sa Ingles na hindi tunog-natural, maling salin, asiwang salin, hindi angkop na diksiyon, labis-labis na kalayaan sa pagsasalin, at iba pa.

May ilang salik na nakaapekto sa kalidad ng pagsasalin ng mga nobelang Harlequin. Bukod sa kakulangan sa pagsasanay ng mga tagasalin o editor, nalimitahan sila ng mahigpit na dedlayn. Sa factory translation, tuloy-tuloy, sunod-sunod, at bultuhan ang pagsasalin at kulang ng tao kaya karaniwang

naghahabol ng dedlayn ang lahat ng sangkot sa produksiyon ng mga salin. Sa kanilang pagmamadali at pagkahapo, hindi maiiwasang pumalya sila sa mga desisyon sa pagsasalin. Iba pang usapin ang ugnayan ng motibasyon sa pagsasalin, mababang remunerasyon, at kalidad ng salin. Kung gayon, sa pagpapaunlad ng pagsasalang popular, mahalagang isaalang-alang ang kapakanan ng mga manggagawang intelektuwal.

Makatutulong sa paghusto ng pagsasalang popular ang pagkilala at pagtugon sa realidad ng masang tumatangkilik ng mga popular na akda. Ang mga nobelang romansa at iba pang mga popular na genre tulad ng sci-fi, hiwaga at katatakutan, crime, humor, chick lit, YA, erotika, at salin ng mga ito, katulad ng iba pang mga produkto ng kulturang popular, ay mga espasyong bumubuo ng mga komunidad (birtuwal man o sa tunay na buhay) na may sariling mga polisiya sa wika. Ang mga polisiyang ito na batayan ng pagsasalin ng mga global na bestseller ay bukal at batis ng kaalaman para sa akademya at mga propesyonal na institusyon ng pagsasalin. Kasabay nito, maaaring humango sa kanila ang Precious Pages at iba pang mga tagasalin ng mga popular na akda sa pamamagitan ng pagiging tapat sa teksto at redireksiyong ideolohikal ng pagsasalin nang hindi tinatalikuran ang layuning mang-aliw. ♦

## TALA

Naglaan ng pondo ang National Commission for Culture and the Arts para maisagawa ng awtor ang pananaliksik. Ang artikulong ito ay bahagi ng pag-aaral na ginawaran ng Ph.D. Dissertation Award ng 2019 NCCA Research Grants Program.

## MGA SINIPING AKDA

Aixelá, Javier Franco. "Culture-specific Items in Translation." *Translation, Power, Subversion*. Ed. Roman Alvarez at M. Carmen Africa Vidal. Clevedon: Multilingual Matters Ltd., 1996. 52-78. Limbag.

Alfonso, Thamarie. Interbyu sa Facebook Messenger. 3 Marso 2020.

Barrios, Joi. *Ang Aking Prince Charming at Iba pang Noveleta ng Pag-ibig (My Prince Charming and Other Novelettes of Love)*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000. Limbag.

Bassnett, Susan. "Translating Genre." *Genre Matters: Essays in Theory and Criticism*. Ed. Garin Dowd, Jeremy Strong, at Lesley Stevenson. Portland, OR: Intellect Books, 2006. 85-96. Limbag.

\_\_\_\_\_. *A Convenient Bridegroom*. Toronto: Harlequin Presents (Harlequin Treasury 1990s), 2011. PDF file.

Bianchin, Helen. *A Convenient Bridegroom*. Trans. Armine Rhea Mendoza. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.

Blake, Ally. *Dating The Rebel Tycoon*. Toronto: Harlequin Romance, 2009. PDF file.

\_\_\_\_\_. *Dating The Rebel Tycoon*. Trans. Sumire Villegas. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.

Bulos, Jerome. Interbyu sa Facebook Messenger. 18 Hulyo 2019.

Canale, Salve. Personal na interbyu. 12 Oktubre 2018.

Capelle, Annick. "Harlequin Romances in Western Europe: The Cultural Interactions of Romantic Literature." *European Readings of American Popular Culture*. Ed. John Dean at Jean-Paul Gabilliet. Westport: Greenwood, 1996. 91-100. Limbag.

Child, Maureen. *Baby Bonanza*. Toronto: Harlequin Desire, 2013. PDF file.

- \_\_\_\_\_. *Baby Bonanza*. Trans. Sofia. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.
- Crael, Cheng Parcon. Interbyu sa Facebook Messenger. 1 Marso 2020.
- Cronin, Michael. "The Cracked Looking-Glass of Servants: Translation and Minority Languages in a Global Age." *The Translator* 4.2 (1998): 145-62. *Taylor & Francis Online*. Web. 19 Hul. 2019.
- De Vera, Ruel S. "Found in Translation." *Philippine Daily Inquirer*. Inq.net, 3 Ago. 2014. Web. 23 Hul. 2019.
- \_\_\_\_\_. "Love in the Time of Paperback Romances." *Philippine Daily Inquirer*, Inq.net, 4 Feb. 2012. Web. 3 Ago. 2019.
- Emilie Rose. *Bedding the Secret Heiress*. Toronto: Silhouette Desire, 2014. PDF file.
- \_\_\_\_\_. *Falling for the Secret Heiress*. Trans. Jade Alleje, Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2014. Precious Pages iReader file.
- Garcia, Edith. Personal na interbyu. 8 Oktubre, 2018.
- \_\_\_\_\_. "Top 10 Bestsellers, etc." Mensahe sa awtor. 15 Oktubre 2018. Email.
- \_\_\_\_\_. "Top 10 Bestsellers, etc." Mensahe sa awtor. 11 Oktubre 2018. Email.
- Goris, An. "Romance the World Over." *Global Cultures*. Ed. Frank A. Salamone. Newcastle upon Tyne: Cambridge Scholars Publishing, 2009. 59-72. Limbag.
- Grace, Carol. *The Sicilian's Bride*. Toronto: Harlequin Romance, 2009. PDF file.
- \_\_\_\_\_. *The Vintner's Bride*. Trans. Belle Ofalda, mula sa orihinal na *The Sicilian's Bride*. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.
- Hannay, Barbara. *The Cattleman's Special Delivery*. Toronto: Harlequin Romance, 2012. PDF file.
- \_\_\_\_\_. *The Cattleman's Special Delivery*. Salin ni Karen Dee. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.
- Jurilla, Patricia May B. *Bibliography of Filipino Novels 1901-2000*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2010. Limbag.
- Lyra. Interbyu sa Facebook Messenger. 4 Marso 2020.
- Mill, John Stuart. *A System of Logic, Ratiocinative and Inductive*. Ika-8 ed. New York: Harper & Brothers, 1882. *The Project Gutenberg*. Web. 3 Set. 2019.
- Milton, John. "The Translation of Mass Fiction." *Investigating Translation: Selected Papers from the 4th International Congress on Translation, Barcelona, 1998*. Ed. Allison Beeby Lonsdale, Allison Beeby, Doris Ensinger, at Marisa Presas. Amsterdam: John Benjamins, 2000. 171-179. Limbag.
- Nord, Christiane. "Proper Names in Translation for Children: Alice in Wonderland as a Case in Point." *Meta* 48.1-2 (2003): 182-96. *Erudit*. 3 Set. 2019.
- Paizis, George. "Category Romances: Translation, Realism and Myth." *The Translator* 4.1 (1998): 1-24. *Taylor & Francis Online*. Web. 3 Set. 2019.
- Regis, Pamela. *A Natural History of the Romance Novel*. Philadelphia: University of Pennsylvania Press, 2003. Limbag.
- Robyns, Clem. "The Normative Models of Twentieth Century Belles Infidèles: Detective Novels in French Translation." *Target* 2.1 (1990): 23-42. *ResearchGate*. Web. 4 Set. 2019.
- Saballe, Shirley Anne. Interbyu sa Facebook Messenger. 5 Marso 2020.
- Sciarone, Bondi. "Proper Names and Meaning." *Studia Linguistica* 21.2 (1967): 73-86. *Wiley Online Library*. Web. 3 Set. 2019.
- "'Twilight,' 'Vampire Diaries' Translated to Filipino." *ABS-CBN News*. ABS-CBN News, 17 Set. 2012. Web. 30 Ago. 2019.

Tymoczko, Maria. *Translation in a Postcolonial Context: Early Irish Literature in English Translation*. Manchester: St Jerome, 1999. Web. 2 Set. 2019.

Van Coillie, Jan. "Character Names in Translation: A Functional Approach." *Children's Literature in Translation: Challenges and Strategies*. Ed. Jan Van Coillie at Walter P. Verschueren. New York: St. Jerome Publishing, 2006. 123-40. Limbag.

Venuti, Lawrence. *The Translator's Invisibility: A History of Translation*. London at New York: Routledge, 1995. Limbag.

Weissbrod, Rachel. "Translation of Prose Fiction from English to Hebrew: A Function of Norms (1960s and 1970s)." *Translation: Theory and Practice, Tension and Interdependence*. Ed. Mildred L. Larson. Amsterdam and Philadelphia: John Benjamins, 1991. 206-23. Limbag.

Wirtén, Eva Hemmungs. *Global Infatuation: Explorations in Transnational Publishing and Texts. The Case of Harlequin Enterprises and Sweden*. Uppsala: Uppsala University, 1998. Web. 23 Ene. 2019.



Tubong Isabela, si MAR ANTHONY SIMON DELA CRUZ ay manululat, tagasalin, at guro. Nagtapos siya ng BA Art Studies, MA Filipino: Malikhaing Pagsulat, at Ph.D. Filipino: Pagsasalin sa UP Diliman. Professorial Lecturer siya ngayon sa UP Baguio at Polytechnic University of the Philippines. Nagturo din siya sa University of Santo Tomas, kung saan naging fellow siya sa UST Center for Creative Writing and Literary Studies. Siya ang may-akda ng *Isang Gabi sa Quezon Avenue* at iba pang Kuwento (UP Press, 2015) at *Pasakalye* (NCCA at AILAP, 2010). Isinalin din niya sa Filipino ang librong *Space and Identity: Expressions in Culture, Arts, and Society of the Muslims in the Philippines* (KWF, 2018) ni Abraham Sakili. Naparangalan siya sa 2012 Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, naging finalist sa 2016 Madrigal-Gonzales Best First Book Award, at nagawaran ng Ph.D. Dissertation Award ng 2019 NCCA Research Grants Pogram. Ang kaniyang mga pananaliksik ay nakatuon sa pagsasalin ng popular na akda.